H E K A S I 4

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# PAMAMAHALA NG MGA UNANG PILIPINO

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

# GRADE IV

# PAMAMAHALA NG MGA UNANG PILIPINO



## ALAMIN MO

Magkakamukha ba tayo sa kulay ng balat, hugis ng mata, sa ilong, at taas, sa buhok? Alam mo ba kung sinu-sino ang ating mga ninuno? Alam mo ba ang uri ng pamamahala ng mga unang Pilipino?


Sa modyul na ito, matututuhan mo ang tungkol sa mga sumusunod.

- Uri ng pamamahala ng mga unang Pilipino
- Pamahalaang sultanato at pamahalaang barangay
- Kahalagahan ng batas sa pag-uugnayan ng mga tao



## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo pag-aralan ito, sagutan mo muna ang pagsasanay sa graphic organizer. Isulat sa kuwaderno kung sino ang inilalarawan ng bawat kahon.




Kung nasagutan mo, handa ka na nga sa pag-aaral nito. Lagi mong tatandaan na ang pag-unawa mo sa araling ito ay ang susi ng iyong pag-aaral.



## PAG-ARALAN MO

Handa ka na ba? Kung gayon umpisahan mo na ang iyong pagbasa.

PAMAMAHALA NG MGA UNANG PILIPINO

Ang mga unang Pilipino ay may sarili nang paraan ng pamamahala bago pa man dumating ang mga Espanyol.

**ANG BARANGAY**

Ang salitang barangay ay tumutukoy sa pinakamaliit na pampulitikang yunit sa sinaunang lipunang Pilipino. Ang bawat barangay ay pinamumunuan

ng datu. Ang pagiging datu ay natatamo sa pamamagitan ng mana, karunungan, kayamanan, kapangyarihang pisikal, pagkakamag-anak o gulang. Ang datu ang punong tagpagpaganap, gumagawa ng batas, hukom at punong military. Mayroon siyang lupon ng mga tagapayo sa mga bagay na may kinalaman sa batas, kaugaliang panlipunan, diplomasya at pakikidigma. Karaniwang 30 hanggang 100 pamilya ang nasa ilalim ng pamamahala ng datu.

Ang mga batas sa barangay ay mauuri sa nakasulat at hindi nakasulat. Ngunit ang datu ang karaniwang gumagawa ng batas, katulong ang kanyang tagapayo. Ipinahahayag ang batas sa pamamagitan ng umalohokan o tagapagbalita sa barangay. Bahagi ng mga batas sa barangay ang ukol sa parusa sa pagnanakaw, pagtataksil, pandaraya, pagsasamantala at hindi pagsimba at pagmamay-ari ng lupa. May kaukulang parusa sa bawat paglabag. Ang lahat ng kaso ay dumaraan sa paglilitis at isinasagawa sa harap ng publiko.

## ANG SULTANATO

Nang lumaganap ang Islam mula sa Sulu hanggang sa iba pang lugar sa Mindanao, itinatag ang pamahalaang Sultanato. Sultan ang tawag sa namumuno sa pamahalaang Sultanato. Siya ang tagapagtanggol ng buong sultanato. Sa tulong ng mga datu, siya rin ang gumagawa ng mga batas at humahatol sa mga pagkakasala ng kanyang nasasakupan.

Tinatawag na Adat ang batas ng sultanato. Batay ito sa katutubong kaugalian at tradisyon at mga aral na mula sa Kor-an. May mga batas ukol sa pag-aasawa, pagmamay-ari ng mga lupain, pagbabayad ng buwis, pagpapamana, kalakalan at krimen laban sa tao at ari-arian. Mahigpit ang pagpapatupad sa mga tio na nangangahulugan na hindi dapat suwayin ang adat upang hindi maparusahan nang kamatayan o pagpapahirap.

Ang salita ng sultan ay itinuturing na batas ng sultanato. Walang makasusuway rito. Dahil sa ang sultan ay kinikilala mula sa angkan ni Mohammad, ang pagsuway sa mga utos niya ay itinuturing na pagsuway na rin sa mga aral ng Islam.

## SUBUKIN MO

Ngayong nabasa mo na ang tungkol sa pamamahala ng mga unang Pilipino, siguro kaibigan ay masasagutan mo na ang pagsasanay na ito.

A. Isulat ang tamang sagot sa mga kahon.

1. Ang pinakamaliit na pampulitikang yunit sa sinaunang Pilipino ay tinatawag na _____.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |

2. Ang mga unang Pilipino ay may sarili nang paraan ng pamamahala bago pa man dumating ang mga _____.


| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |

3. Ang bawat barangay ay pinamumunuan ng _____.

4. Ang mga _____ sa barangay ay mauuri sa nakasulat at hindi nasusulat.

5. Nang lumaganap ang Islam mula sa Sulu, hanggang sa iba pang lugar sa Mindanao, itinatag ang pamahalaang _____.

B. Lagyan ng tamang sagot ang flower web.



C. Piliin ang titik ng tamang sagot.


1. Sa mga kasong sibil at kriminal ang tanging hukom ay ang _____ katulong ang ilang matatanda sa barangay.
   a. konsehal  c. datu
   b. pulis  d. asawa ng datu

2. Tinatawag na _____ ang batas sa sultanato.
   a. lubluban  c. adat
   b. patul  d. hariamanong

3. Ang salita ng _____ ay itinuturing na batas sa sultanato.
   a. hari  c. datu
   b. kapitan  d. sultan

4. Ang sultan ay ang naging tagapagtanggol ng buong _____.
   a. barangay  c. sultanato
   b. mundo  d. bansa

5. Ang batas sa sultanato ay batay sa mga katutubong kaugalian at tradisyon at sa mga aral mula sa _____.
   a. bibliya  c. ordinansa
   b. saligang batas  d. kor-an



## TANDAAN MO

- Ang mga unang Pilipino ay may 2 uri ng pamamahala, ang barangay at ang sultanato

- Ang bawat barangay ay pinamumunuan ng isang datu at ang sultanato ay pinamamahalaan ng isang sultan

- Ang mga batas sa barangay ay mauuri sa nakasulat at di nakasulat na nakabatay sa mga kaugalian at tradisyon. Ang mga batas sa sultanato ay batay sa mga katutubong kaugalian at tradisyon at sa aral mula sa kor-an. May kaukulang parusa sa bawat paglabag sa batas.



## ISAPUSO MO

Lagyan ng √ ang inaakala mong tamang sagot at bigyang katwiran.

1. Kung ikaw ay isang kaabib ng barangay noong unang panahon, alin ang higit na pahahalagahan mo?

   - [ ] Pagsunod sa utos ng datu
   - [ ] Pagsunod sa mga aral ng magulang
   - [ ] Pagsunod sa ginagawa ng mga kaanib ng barangay

2. Kung isa ka sa mga anak ng datu noong unang panahon, alin ang dapat mong gawin?

   - [ ] Lalabag sa mga batas dahil hindi naman ako parurusahan ng aking amang datu.
   - [ ] Susundin ko ang mga batas dahil iyon ang nararapat
   - [ ] Hindi ko na lang papansinin ang mga batas




## GAWIN MO

1. Pagguhit ng Puno

   Mga Kagamitan

   - lapis
   - krayola
   - papel



2. Pamaraan

- Gumuhit ng isang puno na may iba't ibang bahagi.
- Kulayan ang bawat bahagi.
- Isulat ang ngalan ng inyong punong barangay sa mga ugat nito at ang ngalan ng mga kagawad sa mga sanga nito.

* Nasiyahan ka ba kaibigan sa iyong pagguhit? Sana naman Oo. Bibigyan kita ng 2 ✭✭✭ sa iyong iginuhit. Nasisiyahan ako at alam mo pala ang namumuno sa iyong barangay.



## PAGTATAYA

Ngayon naman susubukan kita kaibigan. Sagutin mo ang pagsusulit ukol sa natutuhan mo sa modyul na ito. Handa ka na ba? Kung gayon, magsimula ka na.

A. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang datu ang pinuno ng pamahalaang barangay noong _____.
   a. panahong hindi pa nasusulat ang kasaysayan.
   b. panahon ng pananakop ng mga Espanyol.
   c. Bago dumating ang kolonistang Espanyol.
   d. Panahong karugtong pa ng Pilipinas ang kalupaang Asya.

2. Katulong ng datu sa pamumuno sa barangay ang _____.
   a. kanyang pamilya
   b. mga mandirigma
   c. lupon ng matatanda
   d. kanyang mag-anak na lalaki

3. Ipinahahayag ang mga batas sa pamamagitan ng _____ o tagapagbalita ng barangay.
   a. senador
   b. kongresista
   c. hukom
   d. umalohokan



4. Dahil sa ang sultan ay kinikilalang mula sa angkan ni _____, ang pagsuway sa mga utos niya ay tinuturing na pagsuway na rin sa mga aral ng Islam.

   a. Sharif Karim ul-Makdum
   b. Sharif ul-Hashim
   c. Raha Baguinda
   d. Mohammad

5. Ang lahat ng kaso sa pamahalaang barangay ay dumaraan sa paglilitis na isinasagawa sa harap ng _____.

   a. husgado      c. hukom
   b. publiko      d. pulis

B. Ihanay sa tamang paksa ang mga sumusunod na kalagayan.

| A | B |
| --- | --- |
| Pamahalaang Barangay | Pamahalaang Sultanato |
| * | * |
| * | * |
| * | * |


1. Pinamumunuan ng datu
2. Pinamumunuan ng sultan
3. Ang batas ay nakabatay sa mga aral mula sa Kor-an
4. Bahagi sa mga batas nito ang ukol sa paggalang sa mga magulang at matatanda, parusa sa pagnanakaw, pagtataksil at pandaraya, pagsasamantala at hindi pagsimba at pagmamay-ari ng lupa
5. Ito ay may batas ukol sa pag-aasawa, pagmamay-ari ng mga lupain, pagbabayad ng buwis, pagpapamana, kalakalan at mga krimen laban sa tao at ari-arian.

* Salamat kaibigan, binabati kita sa pagsisikap mong tapusin akong basahin. Bibigyan kita ng 10 ✯ kung lahat ng tanong ay iyong nasagot. Kung hindi naman ay muli mo akong buksan upang ako'y matandaan. Alam kong marami kang natutuhan sa akin. Sana'y ganyakin mo rin ang iba mo pang kaibigan upang ako'y basahin. Hanggang sa muli nating pagkikita, baboo!

KARAGDAGANG GAWAIN

Kasama ang iyong mga kaklase, magsagawa ng interbiyu sa inyong mga Kapitan o Punong ng Barangay. Alamin ang mga tungkulin ng Kapitan at mga Kagawad. Alamin din ang proyekto ng mga pamunuang ito sa inyong barangay.

Ilahad ang resulta ng interbiyu pagbalik sa klase.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.